
**Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa**






**18 Abril 2025** **BIYERNES SANTO** Eukaristiya **Taon A, B, K**

# Ang Kamatayang Nagbibigay Buhay Sa Mundo




*Sa ating pagninilay sa paghihirap at kamatayan ng Panginoong Hesus, napagtatanto natin ang lahat ng mapanirang kapangyarihan ng kasalanan at ang dakilang pag-ibig ni Kristo para sa makasalanang sangkatauhan.*

*Ang kasalanan ay nakasusugat, ang kasalanan ay nakawawasak at ang kasalanan ay nakamamatay! Ito ang dulot ng kasalanan sa atin. Naganap ang lahat ng ito kay Hesus kahit hindi siya nakagawa ng pinakamaliit mang kasalanan. Sa kabilang dako, ang pag-ibig ay nakapagpapagaling, nagbibigay-buhay at nagpapalago at nagpapaunlad.*


*Subalit sadyang malaki ang kabayaran ng pag-ibig. Kapalit nito ang buhay ni Hesus na kanyang inialay nang buong kalayaan at kabukasang-palad upang ang buong sangkatauhan ay maligtas sa kamatayang dulot ng kasalanan.*

*Makilahok tayo sa pag-aalaala sa pagpapakasakit ng Panginoon nang buong puso kalakip ang pagpapasiyang lubusang iiwas sa kasalanan bilang tanda ng pagpapahalaga para sa walang hanggang pag-ibig ni Kristo.*


## PALIWANAG UKOL SA PAGDIRIWANG

Ang Biyernes Santo ay ang kaisa-isang araw sa taong liturhiko kung kailan hindi nagdiriwang ng Eukaristiya. Ito ay sa kadahilanang ang Simbahan ay nagluluksa sa kamatayan ng Panginoong Hesus. Samantala, ang Eukaristiya ay parating isa ring pagdiriwang ng muling pagkabuhay ni Kristo. Sa pananaw ng Simbahan, hindi nararapat na magkaroon ng ano mang uri ng "pagdiriwang" habang may ganitong pag-alaala. Kaya nga mayroon lamang tayong isang mataimtim na pagninilay sa mga pagpapakasakit ni Hesus at sa ating pananagutan ditong dulot ng ating mga kasalanan.

Ang pagdiriwang ay ginagawa sa hapon, mula ika-3, nang malagutan ng hininga si Hesus. (Sangguniin Mc 14:33.) Binubuo ito ng tatlong bahagi: **(a) ang Pagpapahayag ng Salita ng Diyos; (b) ang Pagtatanghal at Pagpaparangal sa Krus na Banal,** at **(k) ang Pakikinabang.**



Ang **SALITA NG DIYOS** ay tungkol sa mapantubos na paghihirap ng Mesiyas. Ang kanyang paghihirap bilang walang-salang hain ay nasa hula ni Propeta Isaias sa mahiwagang pagkatao ng ***"Lingkod ng Panginoon"*** (Unang Pagbasa). Ang kanyang mapagligtas na pagkamartir ay kanyang tinanggap bilang gawain ng ***ganap na pagtalima sa Ama*** (Ikalawang Pagbasa) na isinagawa sa isang kahanga-hangang paraan noong unang "Biyernes Santo" sa kasaysayan ng paghahandog ng ***bago at tunay na Korderong Pampaskuwa*** (Mabuting Balita).



Ang **PAGTATANGHAL AT PAGPAPARANGAL SA KRUS NA BANAL** ay nagmula sa Jerusalem kung saan ang mga tao'y nagtipon sa Kalbaryo upang parangalan ang Krus na siyang pinagpakuan kay Hesus na ayon sa tradisyon, ay mahimalang natagpuan noon sa panahon ng Emperador Constantino. Sa katapusan, lumaganap ang pagpipitagang ito sa buong Simbahan bilang likas na tugon sa **PAGPAPAHAYAG NG PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON.**



Sa **PAKIKINABANG,** ang siboryo na naglalaman ng mga ostiyang kinonsagra noong araw ng Huwebes Santo ay dinadala sa altar na ngayon ay natatakpan ng mantel. Ang buong pagdiriwang at pag-aalaala sa Pagpapakasakit ay nagwawakas sa isang panalangin ng pagpapala at walang pormal na paglisan.

***N.B. Sa araw na ito, ang pari ay nakasuot ng PULANG kasulya.***

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**UNANG YUGTO**

**PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**

*[Ang pari ay paroroon sa dako ng dambana at magpapatirapa o luluhod sa harap nito. Ang lahat ay tahimik na mananalangin.*

*Pagkatapos nito, paroroon ang pari at ang mga tagapaglingkod sa kanilang upuan. Haharap ang pari sa mga tao at ipahahayag nang magkadaop ang mga kamay ang sumusunod na panalangin:]*

### Panalanging Pambungad

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, alalahanin mo ang iyong awa at pagmamahal at sa iyong paglingap gawin mong banal kaming lahat na siyang dahilan kaya't dugo'y dumanak mula sa iyong nagpakasakit na Anak upang pagsaluhin kami sa piging ng Pagkabuhay na kanyang itinatag bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen!**

**Unang Pagbasa** ***Isa 52:13-53:12***

*Ayon kay Isaias, ang "Lingkod ng Panginoon" ay magdudulot ng kapatawaran sa kanyang bayan sa pamamagitan ng pagpapakasakit, at itatanghal daw ng Diyos ang Kanyang Lingkod na higit pa sa lahat ng dakila. Ito ay propesiya ng pagpapakasakit at muling pagkabuhay ni Hesukristo, ang masunuring Lingkod ng Diyos at Tagapagligtas ng sangkatauhan.*

*[Maaaring basahin nang halinhinan.]*

**Mga Tauhan:** ***P***–*Panginoon;* ***$T^{B}$***–*Babaeng Tagapagsalaysay;* ***$T^{L}$***–*Lalaking Tagapagsalaysay*

***L*** **–**Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**$T^{B}$ –Sinabi ng Panginoon,**

**P –Ang lingkod ko'y magtatagumpay sa kanyang gawain, mababantog siya at dadakilain. Marami ang nagitla nang siya'y makita, dahil sa pagkabugbog sa kanya'y halos di makilala kung siya'y tao. Ngayo'y marami rin ang mga bansang magugulantang; pati mga hari pag siya'y nakita ay matitigilan, makikita nila ang di nabalita kahit na kailan, at mauunawa ang di pa narinig ninuman!**

**$T^{B}$ –Sagot ng mga tao, "Sino ang maniniwala sa ibinabalita naming ito? Sino ang makapagpapatunay na pinahihintulutan ito ng Panginoon?"**

**$T^{L}$ –"Kalooban ng Panginoon na ang kanyang lingkod ay matulad sa isang halamang natanim sa tuyong lupa, walang katangian o kagandahang makatawag-pansin, wala siyang taglay na pang-akit para lapitan siya. Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng sakit at hirap."**

**$T^{B\&L}$ –"Wala man lang nagtapon ng sulyap sa kanya. Hindi natin siya pinansin, para siyang walang kabuluhan. Tiniis niya ang hirap na tayo ang dapat magbata, gayon din ang kirot na tayo sana ang lumasap; akala natin ang dinanas niya'y parusa sa kanya ng Diyos. Dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na tinamo niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap. Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit inibig ng Panginoon na sa kanya ipataw ang parusang tayo ang dapat tumanggap."**

**$T^{L}$ –"Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit di tumutol kahit kamunti man; tulad ay korderong hatid sa patayan, parang mga tupang hindi tumututol kahit na gupitan, ni hindi umimik kahit gaputok man."**

**$T^{B}$ –"Nang siya'y hulihin, hatulan at dalhin sa dakong patayan, wala mang nangahas na ipagsanggalang, wala man lang dumamay. Siya ay pinatay dahil sa sala ng sangkatauhan. Siya'y inilibing na kasama ng masasama at mayayaman, bagaman wala siyang kasalanan o nagsabi man ng kasinungalingan." Sinabi ng Panginoon,**

**P –"Ang kanyang paghihirap ay kalooban ko; inihandog niya ang sarili upang sa pamamagitan noon ay magkaroon ng kapatawaran. Dahil dito'y mabubuhay siya nang matagal, makikita ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala. Pagkatapos ng pagdurusa, lalasap siya ng ligaya, malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis. Ang aking tapat na lingkod at lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin.**

**Dahil dito siya'y aking pararangalan, kasama ng mga dakila; pagkat kusang-loob niyang ibinigay ang sarili at nilasap ang kaparusahan ng masasama. Inako niya ang mga makasalanan at idinalangin sila'y patawarin."**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 30***

***B –Ama, sa mga kamay mo habilin ko ang buhay ko!***

*R. M. Velez*




*** Sa iyo, O Poon, ako'y lumalapit upang ingatan mo, nang hindi malupig; sa mga kamay mo habilin ko'y buhay ko, Tagapagligtas kong tapat at totoo. *B.***

*** Lahat kong kaaway ay humahalakhak, pati kapitbahay ako'y hinahamak; dating kakilala ay nagsisiilag, kung masalubong ko ay nagsisiiwas. Nilimot na akong tulad ng namatay, di na pinapansin, parang yagit lamang. *B.***

*** Subalit, O Poon, ang aking tiwala ay nasasaiyo, Diyos na dakila! Sa iyong kalinga, umaasa ako, laban sa kaaway ay ipagtatanggol mo; at sa umuusig na sinumang tao. *B.***

*** Itong iyong lingkod, sana ay lingapin, ingatan mo ako't iyong pagpalain; iligtas mo ako at iyong sagipin, tanda ng pag-ibig na di nagmamaliw! O magpakatatag ang mga nilikha, lahat ng sa Poon ay nagtitiwala. *B.***

**Ikalawang Pagbasa**

***Heb 4:14-16; 5:7-9***

*Sa liturhiya sa templo, ipi- nakikilala ng may-akda ng Liham sa mga Hebreo si Hesukristo, ang Punong Saserdoteng walang kasalanan. Sa gayon, inialay ni Hesus ang kanyang sarili bilang walang bahid na Handog at siyang naging Tagapamagitan sa Bagong Tipan.*

***L***–Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Magpakatatag tayo sa ating pananampalataya, yamang mayroon tayong dakilang saserdote na pumasok sa kalangitan sa harapan ng Diyos, walang iba kundi si Hesus na Anak ng Diyos. Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa sa ating mga kahinaan sapagkat sa**

**lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, ngunit hindi nagkasala.**

**Kaya't huwag na tayong magatubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos, at doo'y kakamtan natin ang habag at kalinga sa panahong kailangan natin ito.**

**Noong si Hesus ay namumuhay rito sa lupa, siya'y dumalangin at lumuluhang sumamo sa Diyos na makapagliligtas sa kanya sa kamatayan. At dininig siya dahil sa lubusan siyang nagpakumbaba. Bagama't siya'y Anak ng Diyos, natutuhan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis. At nang maganap na niya ito, siya'y naging walang hanggang Tagapagligtas ng lahat ng sumusunod sa kanya.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Awit-pambungad** *Fil 2:8-9*

*B* –***(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)***
**Masunuring Kristo Hesus, naghain ng buhay sa krus, kaya't dinakila ng D'yos, binigyan ng ngalang tampok sa langit at sansinukob.**
***(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)***

**Mabuting Balita** ***Jn 18:1-19:42***
*Sa kanyang salaysay ng Pagpapakasakit, binibigyan-diin ni San Juan ang pag-aalay ng sarili ni Hesus bilang pagsunod sa balakin ng Ama. Siya ang bagong Korderong Pampaskuwa na tumutupad sa mga propesiya ng Matandang Tipan, at sa gayo'y nagiging bukal ng kaligtasan para sa lahat. Ang sandali ng pagpapako sa kanya sa krus ay siya ring sandali ng kanyang "pagkadakila."*

**N.B.** *Ang salaysay ng Pagpapakasakit ay maaaring isadula. Maaaring laktawan ang maiikling pamamagitan ng Tagapagsalaysay para sa mas buhay na pagsasadula.*

**Mga Tauhan:** **T^B**– *Babaeng Tagapagsalaysay;* **T^L**–*Lalaking Tagapagsalaysay;* **H**–*Hesus;* **Pd**–*Pedro;* **P**–*Pilato;* **B**–*Bayan, Judio, Punong Saserdote.)*

*P* – Ang Pagpapakasakit ng ating Panginoong Hesukristo ayon kay San Juan
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**T^B –Noong panahong iyon: Umalis si Hesus kasama ang kanyang mga alagad. Pumunta sila sa ibayo ng batis Cedron at pumasok sa isang halamanan doon. Ang lugar na ito'y alam ni Judas na nagkanulo sa kanya, sapagkat madalas magpunta roon si Hesus at ang kanyang mga alagad. Pumaroon si Judas, kasama ang ilang bantay sa templo at isang pangkat ng mga kawal na padala ng mga punong saserdote at mga Pariseo. May dala silang mga parol, sulo at sandata. Alam ni Hesus ang lahat ng mangyayari sa kanya, kaya't sila'y sinalubong niya at tinanong,**
**H** –***Sino ang hinahanap ninyo?***
**B –Si Hesus na taga-Nazaret,**
**T^L** –(tugon nila. Sinabi niya:)
**H** –***Ako si Hesus.***
**T^B –Kaharap nila si Judas na nagkanulo sa kanya. Nang sabihin ni Hesus na siya nga, napaurong sila at nabuwal sa lupa. Muli siyang nagtanong,**
**H** –***Sino nga ba ang hinahanap ninyo?***
**B –Si Hesus na taga-Nazaret,**
**T^L** –(sagot nila.)
**H** –***Sinabi ko na sa inyong ako si Hesus. Kung ako ang hinahanap ninyo, hayaan ninyong umalis ang mga taong ito,***
**T^B** –(wika niya.) **Sinabi niya ito upang matupad ang kanyang salita, "Walang napahamak kahit isa sa mga ibinigay mo sa akin, Ama."**

**Binunot ni Simon Pedro ang kanyang tabak at tinaga ang alipin ng pinakapunong saserdote. Natigpas ang kanang tainga ng aliping yaon na ang pangala'y Malco. Sinabi ni Hesus kay Pedro,**
**H** –***Isalong mo ang iyong tabak! Dapat kong inumin ang kalis ng paghihirap na ibinigay sa akin ng Ama.***
**T^L –Si Hesus ay dinakip at ginapos ng mga bantay na Judio at ng pangkat ng mga kawal sa pamumuno ng kanilang kapitan. Siya'y dinala muna kay Anas na biyenan ni Caifas na pinakapunong saserdote nang panahong yaon. Si Caifas ang nagpayo sa mga Judio na mas mabuti para sa kanila na isang tao lamang ang mamatay alang-alang sa bayan.**

**Si Simon Pedro at ang isa pang alagad ay sumunod kay Hesus. Kilala ng pinakapunong saserdote ang alagad na ito, kaya't nakapasok siyang kasama ni Hesus sa patyo ng bahay ng pinakapunong saserdote. Naiwan naman si Pedro sa labas ng pintuan. Lumabas ang alagad na kilala ng pinakapunong saserdote, kinausap ang dalagang nagbabantay sa pinto, at pinapasok si Pedro. Si Pedro'y tinanong ng dalaga,**
**B –Hindi ba't isa ka sa mga alagad ng taong iyan?**
**Pd –Hindi!**
**T^B** –(sagot ni Pedro.) **Maginaw noon, kaya't nagpabaga ng uling ang mga alipin at mga bantay at tumayo sa paligid ng siga upang magpainit. Nakihalo si Pedro at nagpainit din.**

**Si Hesus ay tinanong ng pinakapunong saserdote tungkol sa kanyang mga alagad at sa kanyang itinuturo. Sumagot si Hesus:**
**H** –***Hayagan akong nagsasalita sa madla; lagi akong nagtuturo sa mga sinagoga at sa templo ng mga Judio. Wala akong sinabing palihim. Bakit ako ang tinatanong ninyo? Ang tanungin ninyo'y ang mga nakarinig sa akin; alam nila kung ano ang sinabi ko.***
**T^L –Pagkasabi nito, siya'y sinampal ng isa sa mga bantay na naroroon.**
**B –Bakit mo sinasagot nang ganyan ang pinakapunong saserdote?**
**T^B** –(tanong niya. Sinagot siya ni Hesus:)
**H** –***Kung nagsalita ako ng masama, patunayan mo! Ngunit kung mabuti ang sinabi ko, bakit mo ako sinampal?***
**T^L –Si Hesus na nagagapos pa noon ay ipinadala ni Anas kay Caifas, ang pinakapunong saserdote. Samantala, naroon pa rin si Simon Pedro at nagpapainit. Siya'y tinanong nila,**
**B –Hindi ba't alagad ka rin ng taong iyan?**
**Pd –Hindi!**
**T^B** –(sagot ni Pedro.) **Tinanong naman siya ng isa sa mga alipin ng pinakapunong saserdote, kamaganak ng lalaking tinagpasan niya ng tainga,**
**B –Hindi ba ikaw ang nakita kong kasama ni Hesus sa halamanan?**
**T^L –Muling itinatwa ito ni Pedro. Siya namang pagtilaok ng manok.**

**Mula sa bahay ni Caifas, si Hesus ay dinala nila sa palasyo ng gobernador. Umaga na noon. Hindi pumasok ang mga Judio sa palasyo ng gobernador upang sila'y huwag maituring na di karapat-dapat kumain ng Hapunang Pampaskuwa. Kaya't sa labas sila tinanggap ni Pilato at tinanong,**
**P –Ano ang sakdal ninyo laban sa taong ito?**
**T^B** –(Sumagot sila:)
**B –Kung hindi po siya gumawa ng masama, hindi namin siya dadalhin sa inyo.**
**T^L** –(Sinabi sa kanila ni Pilato:)
**P –Dalhin ninyo siya, at hatulan ayon sa inyong kautusan.**
**T^B** –(Sumagot ang mga Judio,)

**B** –Wala po kaming kapangyarihang humatol ng kamatayan kaninuman.
**$T^L$** –Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni Hesus tungkol sa paraan ng kanyang pagkamatay. Si Pilato'y pumasok uli sa palasyo at tinawag si Hesus.
**P** –Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?
**$T^B$** –(tanong niya. Sumagot si Hesus:)
**H** –*Iyan ba'y galing sa inyong sariling isipan, o may nagsabi sa inyo?*
**P** –Ako ba'y Judio?
**$T^L$** –(tanong ni Pilato.)
**P** –Ang mga kababayan mo at ang mga punong saserdote ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?
**$T^B$** –(Sumagot si Hesus:)
**H** –*Ang kaharian ko'y hindi sa sanlibutang ito. Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian, ipinakipaglaban sana ako ng aking mga tauhan at hindi naipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi sa sanlibutang ito ang aking kaharian!*
**P** –Kung gayon, isa kang hari?
**$T^L$** –(sabi ni Pilato. Sumagot si Hesus:)
**H** –*Kayo na ang nagsasabing ako'y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa sanlibutan: upang magsalita tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan.*
**P** –Ano ba ang katotohanan?
**$T^B$** –(tanong ni Pilato.) Pagkasabi nito, muling lumabas si Pilato at sinabi sa mga Judio,
**P** –Wala akong makitang kasalanan sa taong ito. Ngunit ayon sa inyong kaugalian, dapat akong magpalaya ng isang bilanggo kung araw ng Paskuwa. Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?
**B** –Hindi!
**$T^L$** –(sigaw nila.)
**B** –Huwag siya, kundi si Barrabas!
**$T^B$** –Si Barrabas ay isang tulisan.

Kaya't ipinakuha ni Pilato si Hesus at ipinahagupit. Ang mga kawal ay kumuha ng halamang matinik, ginawang korona, at ipinutong kay Hesus. At sinuutan siya ng balabal na purpura. Isa't isa'y lumalapit sa kanya at ang wika:
**B** –Mabuhay ang Hari ng mga Judio!
**$T^L$** –At siya'y pinagsasampal. Lumabas uli si Pilato at sinabi sa kanila,
**P** –Ihaharap ko siya sa inyo upang malaman ninyo na wala akong makitang kasalanan niya!
**$T^B$** –At inilabas si Hesus na may koronang tinik at balabal na purpura. Sinabi sa kanila ni Pilato:
**P** –Narito ang tao!
**$T^L$** –Pagkakita sa kanya ng mga punong saserdote at ng mga bantay, sila'y sumigaw:
**B** –Ipako siya sa krus! Ipako sa krus!
**$T^B$** –(Sinabi ni Pilato:)
**P** –Kunin ninyo siya, at kayo ang magpako sa kanya. Wala akong makitang kasalanan niya.
**$T^L$** –(Sumagot ang mga Judio:)
**B** –Ayon sa aming kautusa'y nararapat siyang mamatay, sapagkat siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos.
**$T^B$** –Lalong natakot si Pilato nang marinig ang mga pananalitang ito. Muli siyang pumasok sa palasyo at tinanong si Hesus,
**P** –Tagasaan ka ba?
**$T^L$** –Subalit hindi tumugon si Hesus.
**P** –Ayaw mo bang makipag-usap sa akin?
**$T^B$** –(ani Pilato.)
**P** –Hindi mo ba alam na maaari kitang palayain o ipapako sa krus?
**$T^L$** –(At sumagot si Hesus,)
**H** –*Kaya mo lamang magagawa iyan ay sapagkat ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang kapangyarihang iyan, kaya mas mabigat ang kasalanan ng nagdala sa akin dito.*
**$T^B$** –Nang marinig ito ni Pilato, lalo niyang hinangad na palayain si Hesus. Ngunit nagsigawan ang mga tao,
**B** –Kapag pinalaya mo ang taong iyan, hindi ka kaibigan ni Cesar! Sinumang nagpapanggap na hari ay kalaban ng Cesar.
**$T^L$** –Pagkarinig ni Pilato sa pangungusap na ito, inilabas niya si Hesus. At siya'y lumuklok sa hukuman, sa dakong tinatawag na "Ang Plataporma." *Gabata* sa wikang Hebreo. Araw noon ng Paghahanda sa Paskuwa, at mag-iikalabindalawa na ng tanghali. Sinabi ni Pilato sa mga Judio:
**P** –Narito ang inyong hari!
**$T^B$** –(Sumigaw sila:)
**B** –Patayin siya! Patayin! Ipako sa krus!
**P** –Ipapako ko ba sa krus ang inyong hari?
**$T^L$** –(tanong ni Pilato. Sumagot ang mga punong saserdote:)
**B** –Wala kaming hari kundi ang Cesar!
**$T^B$** –Kaya't si Hesus ay ibinigay sa kanila ni Pilato upang ipako sa krus. Kinuha nga nila si Hesus. At lumabas siya na pasan ang kanyang krus, patungo sa lugar na kung tawagi'y "Dako ng Bungo." *Golgota* sa wikang Hebreo. Pagdating doon, siya'y ipinako sa krus, kasama ng dalawa pa – isa sa gawing kanan at isa sa kaliwa. Sumulat si Pilato ng ganitong pangungusap at ipinalagay sa krus: "Si Hesus na taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio." Nasusulat ito sa mga wikang Hebreo, Latin, at Griego at marami sa mga Judio ang nakabasa nito, sapagkat malapit sa lunsod ang dakong pinagpakuan kay Hesus. Kaya't sinabi ng mga punong saserdote kay Pilato,
**B** –Huwag ninyong isulat na Hari ng mga Judio, kundi, 'Sinabi ng taong ito, ako ang Hari ng mga Judio.'
**$T^L$** –(Sumagot si Pilato:)
**P** –Ang naisulat ko'y naisulat ko na.
**$T^B$** –Nang maipako na ng mga kawal si Hesus, kinuha nila ang kanyang kasuutan at pinaghati-hatian ng apat. Kinuha rin nila ang kanyang tunika; ito'y walang tahi at hinabi nang buo mula sa itaas hanggang sa ibaba. Nag-usap-usap ang mga kawal,
**B** –Huwag nating punitin ito; magsapalaran na lamang tayo para malaman kung kanino ito mauuwi.
**$T^L$** –Nangyari ito upang matupad ang isinasaad ng Kasulatan, *"Pinaghati-hatian nila ang aking mga kasuutan at ang aking damit ay kanilang pinagsapalaran."* Gayon nga ang ginawa ng mga kawal.

Nakatayo sa tabi ng krus ni Hesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae nitong si Maria, na asawa ni Cleopas. Naroon din si Maria Magdalena. Nang makita ni Hesus ang kanyang ina, at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito, kanyang sinabi,
**H** –*Ginang, narito ang inyong anak!*
**$T^B$** –At sinabi sa alagad,
**H** –*Narito ang iyong ina!*
**$T^L$** –Mula noon, siya'y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay.

Pagkatapos nito, alam ni Hesus na naganap na ang lahat ng bagay; at bilang katuparan ng Kasulatan ay sinabi niya,
**H** –*Nauuhaw ako!*
**$T^B$** –May isang mangkok doon na puno ng maasim na alak. Itinubog nila rito ang isang espongha, ikinabit sa sanga ng isopo at idiniit sa kanyang bibig. Nang masipsip ni Hesus ang alak ay kanyang sinabi,
**H** –*Naganap na!*
**$T^L$** –Iniyukayok niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga. *(Luluhod ang lahat at mananahimik sandali.)* Noo'y Araw ng Paghahanda, at ayaw ng mga Judio na manatili sa krus ang mga bangkay sa Araw ng Pamamahinga sapagkat dakila ang Araw ng Pamamahingang ito. Kaya't hiniling nila kay Pilato na ipabali nito ang mga binti ng mga ipinako sa krus, at alisin doon ang mga bangkay. Naparoon nga ang mga kawal at binali ang mga binti ng dalawang ipinakong kasabay ni Hesus. Ngunit pagdating nila kay

**Hesus at makitang patay na siya, hindi na nila binali ang kanyang binti. Subalit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang tagiliran ni Hesus, at biglang dumaloy ang dugo at tubig.**
**T[B] –Ang nakakita nito ang nagpapatotoo – tunay ang kanyang patotoo at alam niyang katotohanan ang sinabi niya – upang kayo'y maniwala. Nangyari ang mga ito upang matupad ang sinasabi ng Kasulatan, *"Walang mababali isa man sa kanyang mga buto."* At sinabi naman ng ibang bahagi ng Kasulatan, *"Pagmamasdan nila ang kanilang inulos."***
**T[L] –Pagkatapos nito, si Jose na taga-Arimatea ay nagsadya kay Pilato upang humingi ng pahintulot na makuha ang bangkay ni Hesus. Si Jose'y isang alagad ni Hesus, ngunit palihim nga lamang dahil sa takot sa mga Judio. At pinahintulutan siya ni Pilato; kaya't kinuha ni Jose ang bangkay ni Hesus. Sumama sa kanya si Nicodemo, may dalang pabango – mga sandaang libra ng pinaghalong mira at aloe. Siya ang nagsadya kay Hesus isang gabi. Kinuha nila ang bangkay ni Hesus, at nilagyan ng pabango habang binabalot sa kayong lino, ayon sa kaugalian ng mga Judio. Sa pinagpakuan kay Hesus ay may isang halamanan, at dito'y may isang bagong libingang hindi pa napaglilibingan. Yamang noo'y Araw ng Paghahanda ng mga Judio, at dahil sa malapit naman ang libingang ito, doon nila inilibing si Hesus.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Panalanging Pangkalahatan

*Ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos ay wawakasan ng Panalanging Pangkalahatan. Tatayo ang pari sa ambo at doon ipahahayag nang magkadaop-palad ang pambungad ng bawat kahilingan. Lahat ay luluhod at mananalangin nang tahimik. Pagkatapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin.*

### I. Para sa Banal na Simbahan

*L* –Idalangin natin, mga mahal kong kapatid, ang banal na Sambayanan ng Diyos sa buong daigdig upang pagkalooban ng kapayapaan at pagkupkop, pagkakaisa at pagtataguyod ang mga kaanib nito sa sansinukob at upang tayo'y bigyan ng pamumuhay na matiwasay para tayo'y makasamba sa Diyos Ama nating makapangyarihan. *(Tahimik na panalangin.)*

***P*–**Ama naming makapangyarihan, sa katauhan ng Anak mong si Kristo ipinahayag mo ang iyong kadakilaan sa lahat ng mga tao. Lingapin mo ang iyong mga ginawa dahil sa pag-ibig upang ang iyong Sambayanang laganap sa buong daigdig ay mamalaging matatag sa pananampalatayang iyong bigay para sambahin ang banal mong ngalan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*–Amen!**

### II. Para sa Santo Papa

*L* –Idalangin natin ang ating Banal na Papa na si Francisco na hinirang ng Diyos sa hanay ng mga tagapangasiwa upang kanyang bigyan ng kalusugan at mahabang buhay para sa kapakanan ng kanyang banal na Sambayanang ipinagkatiwala para paglingkuran. *(Tahimik na panalangin.)*

***P*–**Ama naming makapangyarihan, sa iyong kapasyahan umiiral ang sanlibutan. Paunlakan mo ang aming kahilingan na iyong lingapin si Papa Francisco na iyong hinirang para kami pangasiwaan upang ang sambayanang Kristiyano na iyong pinamumunuan ay mapamahalaan niya nang may kaunlaran sa pananampalataya at gawang kabutihang iyong inaasahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

### III. Para sa Kaparian at lahat ng kaanib ng Simbahan

***L*–** Idalangin din natin si N. na ating Obispo, gayundin ang lahat ng mga Obispo, mga pari, at mga diyakono at ang tanang kabilang sa sambayanang Kristiyano. *(Tahimik na panalangin.)*

***P*–**Ama naming makapangyarihan, ang iyong Espiritu ay nagpapabanal at nagtataguyod sa buong Simbahan. Dinggin mo ang aming pagluhog para sa iyong mga tagapaglingkod upang mapaglingkuran kang matapat sa tulong ng iyong kagandahang-loob sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

### IV. Para sa mga taong inihahanda sa Pagbibinyag

*L*–Idalangin din natin ang mga inihahandang tao sa pagbibinyag upang ang kanilang kalooban ay makatugon sa pagtawag ng Diyos Ama nating makapangyarihan, para sa tubig ng binyag sila'y muling maisilang sa ikapagpapatawad ng lahat ng kasalanan at sa ikapagkakamit ng pakikisalo kay Hesus na Poong mahal. *(Tahimik na panalangin.)*

***P*–**Ama naming makapangyarihan, lagi mong pinauunlad ang Sambayanan sa pagkakaroon ng karagdagang kabilang. Sa pananampalataya at pagkaunawa ay magkaroon nawa ng pag-unlad ang (aming) mga inihahanda sa pagbibinyag upang sa muli nilang pagsilang bilang binyagan sila'y mapabilang sa mga kaanib ng iyong angkan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

### V. Para sa Pagkakaisa ng mga Kristiyano

*L*–Idalangin din natin ang lahat ng ating mga kapatid na pawang kay Hesukristo nananalig upang marapatin ng Diyos Ama nating makapangyarihan na sila'y tipunin at lingapin sa iisa niyang Sambayanan. (*Tahimik na panalangin.)*

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tinitipon mo ang mga nawalay at tinatangkilik mo ang mga nagkakatipon sa iyong Sambayanan. Lingapin mo ang mga kabilang sa kawan ng iyong Anak na sa iyo itinalaga sa buklod ng iisang binyag upang sila'y magkabuklod sa buong pananalig at sila'y magkapisan sa buklod ng pag-ibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*–Amen!**

### VI. Para sa mga Judio

*L*–Idalangin din natin ang mga Judio na unang pinagpahayagan

ng Diyos na totoo upang ipagkaloob niyang sa pag-ibig sa kanyang ngalan sila ay umunlad sa pagiging matapat sa kanyang tipan. *(Tahimik na panalangin.)*
***P***–Ama naming makapangyarihan, pinangatawanan mo ang iyong mga pangako kay Abraham at sa tanang sa kanya ay sumilang. Dinggin mo ang pagluhog ng iyong Sambayanan upang ang mga tao na iyong unang hinirang ay pagindapating sumapit sa kaganapan ng kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

### VII. Para sa mga di sumasampalataya kay Kristo

***L***–Idalangin din natin ang tanang hindi pa sumasampalataya kay Kristo upang tahakin nila ang landas ng kaligtasan na nililiwanagan ng Espiritu Santo. *(Tahimik na panalangin.)*
***P***–Ama naming makapangyarihan, gawin mong ang mga hindi pa nananalig sa iyong Anak ay makatuklas sa katotohanan sa pamumuhay nilang wagas, at kaming sa pag-ibig mo ay laging umuunlad sa pagmamalasakit sa tanang sa iyo'y humahanap ay maging mga saksing mapapaniwalaan ng iyong dakilang pagibig sa sanlibutan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

### VIII. Para sa mga hindi pa sumasampalataya sa Diyos

***L***–Idalangin din natin ang mga hindi pa sumasampalataya sa Diyos upang pagindapating sa kanya'y makadulog sa paniniwalang wagas na kanilang sinusunod. *(Tahimik na panalangin.)*
***P***–Ama naming makapangyarihan, nilikha mo ang lahat ng mga tao upang lagi kang hanapin at pag natagpuan ka'y masiyahang walang maliw. Ipagkaloob mong kahit may mga di kanais-nais na balakid, mabanaagan pa rin ng tanan ang mga pahiwatig ng iyong pag-ibig at matanggap nila ang mga gawang kabutihan ng mga sumasampalataya bilang kaakitakit na katibayan na ikaw ang Diyos na totoo at Amang aming pinanggalingan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

### IX. Para sa nagpapatakbo ng pamahalaan

***L***– Idalangin natin ang mga may tungkuling maglingkod sa bayan at umuugit sa ating pamahalaan upang ang kalooban nila ay itaguyod ng Amang Maykapal alinsunod sa kanyang kinalulugdan sa ikapagkakamit ng kapayapaan at kalayaan ng tanan. *(Tahimik na panalangin.)*
***P***–Ama naming makapangyarihan, nasa iyong kamay ang adhika at karapatan ng tanan. Tunghayan mo ang mga umuugit sa aming pamahalaan upang sumagana ang tanan sa sanlibutan sa ikapagkakamit ng kapayapaan at ikapapanatili ng kalayaan na ikaw ay sambahin alinsunod sa iyong loobin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

### X. Para sa mga may tanging pangangailangan

***L***–Idalangin natin, mga kapatid, sa Ama nating makapangyarihan na ang sanlibutan ay maibsan ng tanang katiwalian, ang mga karamdaman ay malunasan, ang kagutuman ay maparam, ang mga nasa piitan ay lumayang tuluyan, ang mga naaapi ay mahango sa kawalang-katarungan, ang mga naglalakbay ay maluwalhating sumapit sa paroroonan, ang mga nasa ibang bansa ay makauwi sa kanilang bayan, ang mga maysakit ay magkamit ng kagalingan at ang mga nagaagaw-buhay ay matiwasay na mahimlay. *(Tahimik na panalangin.)*
***P***–Ama naming makapangyarihan, binubuhayan mo ng loob ang mga nasa kapighatian, pinatatatag mo ang mga may mabigat na pinapasan. Paunlakan mo ang mga kahilingan ng mga dumaraing dahil sa maraming mga pinag-titiisan, upang bawat nasa kagipitan ay magkamit ng kasiyahang madama ang iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

## IKALAWANG YUGTO
## PAGPAPARANGAL SA BANAL NA KRUSIPIHO

### A. Pagtatanghal sa Krus



*[May dalawang paraan ng pagtatanghal ng lambong ng krusipiho: maaaring sa gawi ng dambana o sa prusisyon na nagsisimula sa gawing pintuan ng simbahan. Kung ito'y gaganapin sa gawi ng dambana, ang pari ay mananatili roon at hahawiin ang lambong ng krusipiho sa tatlong yugto.*

*Ipahahayag niya sa bawat yugto:* ***"Sa kahoy ng krus na banal."*** *At ang lahat ay sasagot:* ***"Purihin at ipagdangal!"*** *at luluhod bilang tahimik na paggalang sa krus.*
*Kung ang pagtatanghal ay gaganapin sa pagpuprusisyon patungo sa gawing dambana, hahawian ng lambong ang krus, una, sa malapit sa pinto ng simbahan, pagkatapos, sa gitna ng simbahan at, sa huli'y, sa pasukan sa gawi ng dambana. Sa bawat paghawi ng lambong, ipahahayag ng pari ang paanyayang:* ***"Sa kahoy ng krus na banal."*** *Lahat ay sasagot ng* ***"Purihin at ipagdangal . . . !"*** *at luluhod at tahimik na magbibigay-galang sa krus.]*

***P***– Sa kahoy ng krus na banal ni Hesus na Poong mahal, nalupig ang kamatayan at sa muling pagkabuhay ang pag-asa ay sumilay.
***B*–Purihin at ipagdangal ang ating Poong Maykapal: Ama na Bukal ng buhay, Anak na s'ya nating Daan, Espiritung ating Tanglaw.**

*[Luluhod at tahimik na mananalangin.]*

### B. Pagpipitagan sa Krusipiho

*[Pagkatapos ng paghawi ng lambong, ang pangulo ng pagdiriwang, ang kaparian at ang sambayanan ay lalapit nang paprusisyon upang magbigay-galang sa krusipiho. Pagsapit sa harap ng krusipiho, sila'y luluhod o yuyuko,*

*at hahalik sa krusipiho. Pagkatapos ay babalik sila sa kanilang upuan upang tahimik na manalangin.*

*Habang ginaganap ang Pagpipitagan sa Banal na Krusipiho, ang "Mga Hinanakit" o ano mang angkop na imno ay inaawit.]*

### Mga Awit sa Pagpaparangal sa Banal na Krusipiho

*Maaaring awitin o bigkasin ng dalawang koro (**$K^1$** at **$K^2$**) ang mga sumusunod na talata para sa Pagpipitagan sa Banal na Krusipiho.*

*Iminumungkahing babaeng tinig ang **$K^1$** at lalaking tinig ang **$K^2$**.*

### Salmo 66:2

***Koro:***

***$K^1$*** – Kami'y sumasamba sa 'yo at gumagalang sa krus mo.

***$K^2$*** – Panginoong Hesukristo, nabuhay muli't nanalo nagpaligaya sa mundo.

***$K^{1\&2}$***–O D'yos, kami'y kahabagan, pagpalai't kaawaan • mukha mong may karilagan • sa amin sana'y sumilay • tanda ng 'yong pagmamahal.
*(Ulitin ang **Koro**)*

### Mga Hinanakit

*Idinagdag naman ang katauhan ng Diyos (**D**) sa **Mga Hinanakit.***

***D*** –O aking bayang hinirang, • kayo ba'y aking nasaktan • nagawan ng kasamaan? • Ano'ng inyong kasagutan • sa aba kong karaingan?

Kayo ay aking inakay • mula sa kaalipinan. • Inihatid ninyo naman • ako sa krus, • hinubaran, • ipinako, at pinatay.

O aking bayang hinirang, • kayo ba'y aking nasaktan • nagawan ng kasamaan? • Ano'ng inyong kasagutan • sa aba kong karaingan?

***Koro:***

***$K^1$*** –O Diyos na lubhang banal!

***$K^2$*** –Makapangyarihang banal!

***$K^{1\&2}$*** –Walang kamatayang banal! Panginoon naming mahal! Kami'y iyong kaawaan!

***D*** – Apatnapung taong singkad • disyerto'y inyong nilakad • at kayo'y aking nilingap. Ngayon ay pinaghihirap • ako sa krus na mabigat.
*(Ulitin ang **Koro**)*

Akin kayong iningatan • ubas na inalagaan. • Nguni't pawang kapaitan • ang ganti n'yong ibinigay • apdong inumin ang alay.
*(Ulitin ang **Koro**)*

## IKATLONG YUGTO

### BANAL NA PAKIKINABANG



*[Pagkatapos ipatong ang Banal na Sakramento sa dambana . . . ]*

***P*** –Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos ipahayag natin nang lakas-loob:

***B*** –**Ama namin . . .**

***P*** –Hinihiling namin . . .

***B*** –**Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

*[Walang Kordero ng Diyos.]*

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** –**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P***–Ama naming mapagmahal, pinapakinabang mo kami sa banal na pagkamatay at pagkabuhay ni Kristo. Panatilihin mo sa amin ang ginanap ng iyong dakilang pag-ibig upang kami'y makapamuhay nang matapat sa pakikisalo sa dulot mong pagliligtas sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B***– **Amen!**

### PAGWAWAKAS

*Haharap ang pari sa sambayanan at itataas niya ang kanyang mga kamay upang lukuban ang mga nananalangin.*

### Pagpapanalangin sa Sambayanan

***P***–Ama naming bukal ng pagpapala, ang iyong pagbabasbas ay manaog nawang masagana sa iyong sambayanang gumanap ng paggunita sa pagkamatay ng iyong Anak na siyang pagkabuhay ng nagtitiwala. Ang iyong pagpapatawad ay sumapit nawa sa tanan. Ang iyong pakikisamang maaasahan ay iyong ibigay. Ang pananampalatayang banal nawa'y maging matibay. Ang kaligtasang walang maliw ay patatagin mong lubusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B***– **Amen!**

**N.B.** • *Walang pagbabasbas sa araw na ito. Tahimik na lilisan ang tanan.*

• *Ngayon at bukas, hanggang sa maringal na Magdamagang Pagdiriwang sa Pasko ng Muling Pagkabuhay, tayo'y luluhod sa harap ng Krusipiho.*




**Ang BIYERNES SANTO ay Araw ng Pag-aayuno at Abstinensiya.**

# Ang Dakila at Huling Kaloob

*Kalakbay at Katoto*

**Kahapon ginunita natin ang pagkakaloob ni Hesus ng kaniyang katawan at dugo sa isang hindi madugong paraan – ang Dakilang Sakramento ng Kaniyang pag-ibig at pananatili, ang Eukaristiya.** Ngayon, ay sinasariwa natin ang pinakahuli at dakilang sakripisyo – ang rurok ng kaniyang pagkakaloob ng sarili na siyang nagpatunay at nagpatotoo sa ginanap sa Huling Hapunan. Madugo at ganap at walang pasubali ang ginanap sa araw na ito. Ganap, kompleto, walang kulang, walang bawas at walang pagkakait o pagdadamot. Magandang pakinggan ang salitang Latin – USQUE AD MORTEM – magpahanggang kamatayan.



**Bilang tao, hindi natin lubos na nauunawaan ang ganap na pagbibigay.** Meron lagi tayong pag-aatubili kapag nagbibigay. Mapagkwenta, mapagbilang, nagpipigil tayo. Tinatasahan natin ang anumang ipinagkakaloob natin, tinitimbang. Magbibigay tayo . . . kung may kapalit, kung may sukli, kung may pasasalamat at pagkilala sa ating kabaitan. Marami tayong kondisyones para magbigay nang walang busal.

**Ihambing natin muna ito sa pagkakaloob na ginawa ni Kristo. Wala tayong anumang karapatan dito. Nagbigay siya ng todo-todo. Ipinagkaloob Niya ang buhay nang walang pagpipigil at pagtatangi – para sa ating lahat.**

**Madugo ang Biyernes Santo! Dumanak ang dugo at pumanaw ang buhay ng Panginoon. Napaka halaga ang kaloob Niya ...** kung kaya't angkop lamang na tawaging BIYERNES SANTO – ang pinakadakilang MAHAL NA ARAW, mahal sapagka't MAHALAGA ang kaniyang ipinagkaloob sa tanan.

**Hindi Siya naglakbay mula Getsemane hanggang Kalbaryo dahil sa sarili niyang kasalanan, kundi dahil sa ating mga kasalanan.** Hindi rin siya nagpakasakit para lamang kay Mariang kaniyang Ina, o sa labing-isang disipulong nanatiling tapat sa kanya, o sa mga taong naging mabuti at kumilala sa kanya. Nagpakasakit siya sa mga tulad ko at tulad Ninyo – tulad ng sundalong tumagpas sa kanyang tainga, tulad sa isa pang sumibat sa kaniyang tagiliran, tulad ng mga taong sumigaw ng "ipako siya sa krus!" . . . tulad ni Pedrong nagtatwa sa Kaniya.

**Namatay Siya para sa mga makasalanan. Ang huli Niyang dakilang kaloob ay para sa akin. Para sa iyo. Para sa lahat at sa buong sangkatauhan!**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua